

1. Tungkol sa Kalamidad at ang Pahahanda nito sa Lungsod ng Tochigi

Sa mga nakalipas na mga taon, maraming kalamidad ang nagaganap sa buong Japan kabilang na ang malalakas na pag-ulan at lindol.

Ang Tochigi City ay dumanas din ng mga sunod-sunod na pagbaha at pag-guho ng lupa dahil sa malakas na pag-ulan noong 2015 at bagyo noong 2019. Ang lungsod ay lumikha ng isang dokumentaryong video na pinamagatang “Ang Alaala ng Kalamidad ng Lungsod ng Tochigi”. Mapapanood ito kahit sinuman sa Tochigi City Official Youtube Channel. Sa ngayon, mahalaga ang aral na dulot ng mga alaala ng kalamidad upang mapaghandaan muli ang pagdating nito.

Bilang bahagi ng pang-araw-araw na paghahanda kailangan na kumalap sa internet o smartphone apps ng mga impormasyon sa kalamidad bilang isang paraan upang malaman kung ano ang nagyayari at kung saan nagyayari ang kalamidad.

Kapag naglabas ng “Alert Level 4”, gaya ng malakas na ulan, ang dapat gawin ng lahat ng mga residente ay lumikas mula sa mapanganib na lugar. Mahalagang malaman nang maaga kung ano ang ibig sabihin ng antas ng alerto at impormasyon sa paglikas upang alam ang katapat na aksyon para rito.

Ang mga bagay na dapat dalhin sa paglikas o pag-evacuate ay pera, mahahalagang papeles gaya ng Insurance cards, gamot, hygiene items, stockpiled na pagkain gaya ng retort foods o snacks pati na rin ang inuming tubig at iba pang mga bagay na sa palagay ay mahalaga sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ilagay ito sa bag na maaring ihanda sa mga normal na pagkakataon.

Ang mga itinalagang evacuation centers ay ang mga itinatag ng lungsod na mga pasilidad gaya ng mga elementaryang paaralan at community centers o “Kouminkan”. Gayundin ang mga tahanan ng mga kamag-anak o kaibigan na nakatira sa mas ligtas na lugar. Ang hindi pag-alis sa sariling tahanan ay itinuturing din na “evacuation” kung ito ay nasa hindi mapanganib na lugar.

Upang maiwasan ang paglubog sa baha ng mga sasakyan, ang Tochigi City ay may kasunduan sa mga supermarkets at pachinko parlors ng lungsod na payagan ang mga residente na gamitin ang paradahan sa kanilang rooftop bilang evacuation sites para sa mga sasakyan.

Para makaiwas sa mga problema kung sakaling magkaroon ng emergency, mahalagang magpasya nang maaga kasama ang pamilya at mga kaibigan kung saan pupunta at lilikas.

Ang Kyokuto Tochigi Kura no Machi Gakushukan na kung saan matatagpuan ang ang tanggapan ng Tochigi City International Community ay isang prayoridad na

evacuation center na binuksan. Ang Disaster Multilingual Support ay itinatag dito at hinihikayat ang mga dayuhang residente na kailangan lumikas at gamitin ang pasilidad na ito.

2. Pag-iwas sa Heat Stroke at COVID 19.

Ang pag-suot ng facemask ay mahalaga bilang panlaban sa pagkahawa sa COVID 19. Gayunpaman, ang pagsuot nito sa pagkakataon na mataas ang temperatura at humidity ngayong tag-init ay maaring magpataas ng panganib ng heat stroke. Ang pamahalaan ay nagpasya ng bagong panukala upang parehong maiwasan ang heat stroke ganundin ang impeksyon dulot ng COVID 19. Ito ay ang pagmungkahi na alisin na lamang ang facemask kung nasa labas kung mayroong hindi bababa sa layong 2 metro sa mga iba pang tao at kung hindi man ay ang hindi halos pakikipag-usap sa mga ito.

Hindi na kailangang magsuot ng facemask kapag naglalakad, tumatakbo o nagbibisikleta papuntang trabaho o eskwela.

Sa loob naman ng bahay o indoors ay kailangan ding may layong dalawang metro mula sa mga iba pang tao o ang hindi pakikipag-usap upang hindi na kailangang mag-suot ng facemask.

Kapag nakasuot ng facemask, dapat ilagay sa tamang temperatura at humidity ang airconditioner o gumamit ng bentilador upang maiwasan ang init. Ugaliing uminom ng maraming tubig. Kahit hindi nakakaramdam ng pagka-uhaw ay dapat uminom ng isang basong tubig kada oras, bago o pagkatapos maligo at pagkagising sa umaga.

Tangkain na uminom ng may kabuuang 1.2 liters ng tubig sa isang araw at kumain ng mga maalat na pagkain upang mapunan ang nawalang asin ng katawan kung maiging pinagpawisan.

3. Panawagan sa mga Gustong Lumahok bilang “UTAMARO DOCHU” Performers.

Ang 11th Utamaro Festival ay gaganapin mula ika-15 hanggang ika-23 ng Oktubre ngayong taon.

Si Utamaro ay isang Ukiyo-e artist o woodblock painter na naging tanyag noong panahon ng Edo period. Naging sikat siya sa paggguhit o paglarawan ng magagandang babae. Siya ay itinuring na may kaugnayan sa Lungsod ng Tochigi. May iba't ibang events sa panahon ng festival at sa ika-15 ng Oktubre, Sabado ay gaganapin ang Utamaro Dochu. Ito pinukaw sa paglalarawan sa mundo ni Utamaro.

Sa kasalukuyan ay naghahanap ng mga gaganap para sa Utamaro Dochu. Mayroong 14 na papel o role na gaganapan kasama na rito ang Oiran, Geisha, Shinzo San, Okami, Utamaro, Kasa-Mochi at Kanabo Mochi. Mayroon ding gaganapan na papel ang mga bata na mula Grade 5 hanggang Junior HighSchool. Ang mga nais gumanap ay dapat pumili ng papel na gaganapanan at isumite ang itinalagang application form kasama ang 3 colored pictures. Ang deadline sa pagsali ay sa ika-19 ng Agosto, Biyernes. Hindi mahalaga ang nasyonalidad kung kaya inaanyayahan din ang mga dayuhang residente na lumahok sa pagganap sa mga nasabing characters ng Utamaro Dochu.

Para sa impormasyon tungkol sa pagsali tugkol dito ay tumawag lamang sa Tochigi City Community Development Committee for Utamaro sa ikatlong palapag ng Kura-no-Machi section ng City Hall. Sa telepono 0282-21-2573.